# PAGDARASAL PARA SA MGA BAGUHAN (PART 1 OF 2): BAGO KA MAGSAGAWA NG PAGDARASAL

**Marka:** 5.0 TOP20

**Deskripsyon:** Dalawang bahagi na aralin na nagbibigay ng pangkalahatang ideya patungkol sa espesyal na pagdarasal (salah), na siyang pinaka-mahalagang uri ng pagsamba para sa isang Muslim. Unang Bahagi: Paghahanda sa mga pagdarasal kasama ang pag-alam sa kanilang mga katawagan, eksaktong oras at ang direksyon ng pagdarasal.

**Kategorya:** Mga Aral › Mga Gawaing Pagsamba › Mga Panalangin

**Ni:** NewMuslims.com
**Nai-publish sa:** 19 Apr 2018
**Huling binago sa:** 11 Apr 2018

Mga Paunang Kinakailangan

·Ang Paraan o Paano ang Pagdarasal para sa mga Bagong-yakap sa Islam (2 bahagi)

Mga Layunin

·Matutunan kung paano hanapin ang nakatakdang oras ng pagdarasal at ang direksyon kung saan haharap sa pagdarasal (*qiblah*).

·Matutunan ang limang obligadong pagdarasal kung ano ang kanilang katawagan, ang kanilang oras, at ang bilang ng mga yunit (*rakahs*) ng mga ito.

·Matutunan ang ilang mga punto sa paghahanda ng sarili para sa pagdarasal (*salah*).

Mga Terminolohiyang Arabik

·*Salah* - ay salitang Arabe na tumutukoy sa direktang koneksyon sa pagitan ng isang mananampalataya at ng Allah. Higit pa rito, sa Islam ito ay tumutukoy sa limang pang araw-araw na pormal na pagdarasal na siyang pinakamahalagang uri ng pagsamba.

·*Rakah* - yunit ng espesyal na pagdarasal.

·*Qiblah* - ang direksyon kung saan humaharap kapag nagdarasal.

·*Wudoo* - espesyal na paghuhugas

·*Ghusl* - espesyal na pagligo

·*Ka'bah* - ang bahay-dasalan na istrakturang hugis parisukat na nasa syudad ng Makkah. Ito ang nagsisilbing sentrong direksyon kung saan humaharap ang lahat ng mga Muslim sa tuwing nagdarasal.

·*Fajr*, *Dhuhr*, *Asr*, *Maghrib*, *Isha* – ang mga katawagan ng limang pang-araw-araw na espesyal na pagdarasal sa Islam.

·*Fard* – obligadong gawain.

## Nakatalang Oras ng Pagdarasal

Ang oras ng pagdarasal ay nagbabago sa pagitan ng tag-lamig at tag-init. Ikaw ay may tatlong pagpipilian:

(a) Magtanong sa isang relihiyosong Muslim kung kailan ang oras ng espesyal na pagdarasal at tandaan ang mga ito. May kunting pagbabago sa mga ito paglipas ng mga araw.

(b) Maari mong malaman online mula sa link na ito:

http://www.islamicfinder.org/

Maari mong malaman ang mga oras ng espesyal na pagdarasal (*salah*) saan mang bahagi ng mundo. Ang site na ito ay mayroon ding listahan ng mga bahay-dasalan ( *masjid / o mosque*) na malapit sa'yo.

(c) Kadalasan, ang mga bahay-dasalan (*masjid*) o mga Islamic center ay nagi-imprinta ng nakatakdang oras para sa espesyal na pagdarasal na nagsasaad rin ng oras para sa sabay-sabay na pagdarasal sa bahay-dasalan (masjid). Mangyaring makipag-ugnayan sa kanila para makakuha ka ng kopya nito. Sa bahay-dasalan (masjid) rin ay makakatagpo ng suportang kinakailangan ang isang bagong Muslim.

| **Katawagan ng Dasal sa Arabik** | **Salin ng Katawagan ng Dasal sa Tagalog** | **Bilang ng yunit ( *Raka'ah* )** | **Oras** |
|---|---|---|---|
| *Fajr* | Pagdarasal sa Bukang-liwayway | 2 | Simula sa pagbukang-liwayway hanggang sa hindi pa nagsimula ang pagsikat ng araw |

| | | | |
|---|---|---|---|
| *Dhuhr* | Pagdarasal sa Tanghali | 4 | Simula sa oras ng *Dhuh'r* hanggang sa pagsimula ng oras ng *As'r* |
| *Asr* | Pagdarasal sa Kalagitnaan ng Hapon | 4 | Simula sa oras ng *As'r* hanggang sa hindi pa nagsisimula ang paglubog ng araw |
| *Maghrib* | Pagdarasal Matapos ang Paglubog ng araw | 3 | Simula sa oras ng *Maghrib* hanggang sa bago magsimula ang oras ng *Isha* |
| *Isha* | Pagdarasal sa Gabi | 4 | Simula sa oras ng *Isha* hanggang sa kalagitnaan ng gabi, na sa pangangailangan, ay pwede pa hanggang sa hindi pa nagsimula ang bukang-liwayway |

Sa talahanayan-1 sa taas nakatala ang limang pang-araw araw na espesyal na pagdarasal at ang bilang ng mga yunit (*raka'ah*) ng bawat obligadong (fard) espesyal na pagdarasal.

## Saang Direksyon Ako Haharap sa Pagdarasal?

Ang isang Muslim ay dapat humarap sa direksyon ng *Ka'bah* (ang Sagradong bahay-dasalan sa Makkah) sa bawat pagsagawa ng pagdarasal (*salah*). Ang *Kabah* ay ang unang bahay-dasalan na itinayo para sumamba sa Nag-iisa't Tunay na Panginoon ng lahat ng tao. Lahat ng muslim, saan mang panig ng mundo sila naroroon ay humaharap dito sa tuwing nagdarasal, pansamantalang iniiwan ang mundong pinagkakaabalahan habang isinusubmita ang kanilang mga sarili sa Nagbibigay-biyaya. Ang direksyong ito ay tinatawag na *qiblah* at ito ay madali lamang mahanap.

Muli, may iilan kang pagpipilian kung paano mo aalamin ang direksyon kung saan haharap sa pagdarasal (*qiblah*)

(1) Magtanong sa kapwa Muslim kung saan ang direksyong kailangan sa pagdarasal.

(2) Sa http://www.islamicfinder.org/ ay malalaman mo kung saan ang lokasyon ng *Ka'bah* mula sa lugar na kinaroroonan mo.

(3) May mga orasang-pambisig na mabibili sa mga tindahan na mas pinadadali ang paghanap ng direksyon sa pagdarasal, lalo na kapag nasa hindi pamilyar na lugar o kaya'y nasa paglakbay. Maari silang mabili online[1].

## Paghahanda para sa Espesyal na Pagdarasal (*Salah*)

1. Ang pagdarasal ay inobliga sa bawat Muslim na nasa tamang gulang at nasa matinong pag-iisip kapag sumapit na ang oras ng pagdarasal.

2. Ang pinakaminimum na kinakailangan sa pagdadamit ay dapat na matugunan ng parehong lalaki at babae para sa pagdarasal.

Para sa lalaking Muslim, dapat magsuot ng damit na tumatakip sa pusod na aabot hanggang sa natakpan ang tuhod, at siguraduhin na may nakapatong na damit sa kanyang balikat.

Para sa babaeng Muslim, dapat ay magsuot ng maluwag na damit na tumatakip sa kanyang buong katawan, kasama ang kanyang ulo (at tenga) at paa. Hindi niya kailangang takpan ang kanyang mga kamay at mukha.

3. Ang isang Muslim ay dapat na nasa estado ng pagiging dalisay, ibig sabihin:

- dapat na magsagawa ng *wudoo* (espesyal na paghuhugas) kung siya ay nilabasan ng hangin (utot), umihi, dumumi, o nagising mula sa mahimbing na pagkakatulog simula ng huling beses niyang isagawa ang *wudoo.*

- dapat na magsagawa ng *ghusl* (pagligo) kung nagising mula sa *wet-dream*, nilabasan ng similya, mula sa pakikipag-talik, at para sa mga kababaihan pagkatapos ng buwanang dalaw o pagdurugo pagkatapos ng panganganak.

4. Dapat niyang siguraduhin na walang bahid ng dumi (*najis*) sa kanyang damit, katawan o sa lugar kung saan siya magsasagawa ng pagdarasal.

5. Dapat ay nakaharap sa direksyon ng pagdarasal (*qiblah*).

6. Gawing naka-intensyon na sa kanyang puso na siya ay magsasagawa ng pagdarasal na kanyang gaganapin.

7. Ang espesyal na pagdarasal (*salah*) ay dapat isagawa sa lengguwaheng Arabik, mangyaring basahin ang naisatitik mula sa Arabik na naibigay sa huling bahagi ng paksang 'Ang Pagdarasal para sa mga Baguhan (ika-2 bahagi ng 2)'. Ang salin sa tagalog ay para lamang sa pag-unawa sa kahulugan ng inyong binabanggit.

(Paunawa: Lahat ng mga ibinigay na link ay para lamang sa mga layuning pang-edukasyon. Ang newmuslims.com ay hindi responsable sa anumang nilalaman ng nasabing mga website.)

---

Mga Talababa:

| [1] | Bisitahin: http://www.alfajr.com/en/index.html |
|---|---|

Ang web address ng artikulong ito:

https://www.newmuslims.com/tl/articles/14/pagdarasal-para-sa-mga-baguhan-part-1

Copyright © 2011 - 2023 NewMuslims.com. Lahat ng karapatan ay nakalaan.